American Journal of Humanities and Social Sciences Research (AJHSSR)
e-ISSN : 2378-703X
Volume-08, Issue-09, pp-288-293
www.ajhssr.com
Research Paper Open Access

# KAUGNAYAN NG DEMOGRAPIKONG PROPAYL SA KASANAYANG PANGKOMUNIKATIBO NG MGA MAG-AARAL SA LUNGSOD NG ZAMBOANGA

Analyn D. Saavedra[1], Amicor C. Guerrero[2], Marie Rose S. Vasquez[3]
[1,2,] *(Master of Arts in Education Major in Language Teaching (Filipino), College of Teacher Education,Western Mindanao State University)*
[3]*(Western Mindanao State University, Zamboanga City, Philippines)*

**ABSRACT :** Communication skill is very important in sending and receiving important messages to understand others and be understood by others for peace and prosperity. Communication may also create misunderstanding and trouble Speakers therefore need to be very careful in speaking to avoid it. The school is responsible to help avoid this. This paper tries to identify the effect of the demographic profile of the grade 11 students in ICAS Tetuan communicative competence.The respondents are the 49 grade 11 students in ICAS Tetuan dominated by female gender belonging to the Chabacano ethnic group at the age of 17-18 and majority came from the Public School. The findings show away that the standard deviation of 1.087 is closed to the Mean of 3.0400 which data points are spread-out away that is being described as more reliable (Mahusay). Based on the table of correlation distribution accordingly between 0-.25 there is low significance correlation. Therefore, the level of Efficiency on Vocabulary and Grammar which is 1.087 connotes highly significant. The result is only from one school particularly only the Senior High School level, the researcher then recommends to have the same study in another school of different levels to determine the reality of the demographic effect on communicative competence of the young generation.
***KEY WORDS:*** *bokabularyo,gramatika,komunikasyon kakayahan,kasanayang pangkomunikatibo*

## I. PANIMULA

Ang komunikasyon ay mahalaga sa buhay ng tao. Ito ay tulay tungo sa pagkamit ng kaginhawaan, kalusugan at kasiyahan sa buhay. Kasangkapan ito upang maibahagi sa kapwa ang nasa ating kalooban nang tayo ay maunawaan at makaunawa sa kapwa nang sa gayon ang kapayapaan sa paligid ay makamtan. Kung mapayapa ang kapaligiran magdudulot ito ng kasiyahan sa lahat at magiging kasangkapan tungo sa kaginhawaan sa buhay. Ang komunikasyon ang siyang nagbibigay ng pagkakataon upang maibahagi ng tao ang kaniyang nadarama, nagkakaroon ang tao ng ganap na kabatiran tungkol sa sariling pagkatao na batay sa perspektiba nito gayundin napaglalapit ng komunikasyon ang mga pusong magkakalayo kahit sa espasyo, dingding, tubig o pulo man ang pagitan, at napag-iisa kundi man ay napaglalapit ang dalawang taong may hidwaan.

Ang bawat isa sa atin ay dapat magsikap na magkaroon ng mabisang kakayahan sa pakikipag-usap upang maiwasan ang di pagkakaunawaan. Nararapat lamang na maging maingat ang bawat isa sa atin sa pagsasalita. Ang kakayahang ito ay hamon sa bawat guro ng wika kaya nararapat lamang na pagtuunan ng pansin ang ilan sa mga kadahilanan kung bakit may mga taong di marunong umiwas na gamitin ang mga salitang nakakaapekto sa damdamin ng kausap. Mahirap ang kahihinatnan ng mga lipunan at bansa kung walang nagaganap na komunikasyon sa pagitan ng liberal upang mapagtibay ang relasyon na nangangailangan ng patuloy na komunikasyon sa pagitan ng mga kaklase, magkakaibigan o magkakatrabaho adbokasiya. Dahil sa pang-araw-araw nating pamumuhay ay labis na kailangan ng tao ang komunikasyon upang maging ganap ang kaniyang buhay sa mundo.
Ang tamang paggamit ng komunikasyon ay makatutulong sa atin hindi lamang upang makipag-ugnayan kundi upang tayo ay makapag-pahayag ng balita, kaalaman, at bigyang linaw ang mga bagay-bagay. Komunikasyon din ang daan sa pagkakaisa ng mga tao kung kaya't ang tamang paggamit nito ay lubhang makatutulong sa atin. Hindi maitatanggi na ang komunikasyon ay isa sa pinakamahalaga upang tuluyan nating maisakatuparan ang mga bagay na nais nating magampanan.

## II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang kaugnayan ng demograpikong propayl at ang Pangkomunikatibong Kakayahang ng mga mag-aaral sa Senyor Hayskul antas Labing-isa sa pangalawang semestre ng taong-aralan 2023-224. Kaugnay nito sisikaping sasagutin ng pag-aaral na ito ang mga sumusunod na katanungan:

1. Anu-ano ang demograpikong propayl na taglay ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang antas ng Senyor Hayskul ng ICAS Tetuan ayon sa:
   a. Kasarian
   b. Edad
   c. Pangkat Etniko
   d. Paaralang pinanggalingan
2. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pangkomunikatibo batay sa mga komponent:
   a. Bokabularyo
   b. Gramatika

**HAYPOTESIS**

Ang Demograpikong propayl ay may kaugnayan sa kakayahang pang komunikatibo ng mga mag-aaral ng Senyor Hayskul antas labing-isa ng ICAS. Tetuan.

**Kaugnay na Literatura**

**Kakayahang komunikatibo**

Ayon kina Wilkins at Clifford (2017) upang matamo ang kakayahang komunikatibo, kailangang pantay na isaalang-alang ang pagtalakay sa mensaheng nakapaloob sa teksto o porma at kayarian ng wikang ginamit sa teksto. Ang kawastuhan sa paggamit ng mga salita ay mahalaga upang maging kaakit-akit ang isang pahayag. Ang paggamit ng tamang salita ay nakapagbibigay ng kaayusan, kalinawan, at kabisaan sa paksang ipinapahayag. Saklaw pa rin ng balarila ang paggamit ng tama o angkop na paggamit ng salita.

Ayon naman kay Fredrick (2015), ang paggamit ng makabagong teknolohiya ng mga kabataan ay isa sa mga kadahilanan kung bakit bihirang nakakagamit ng tama at angkop na salita ang mga kabataan ngayon sa kanilang pakikisalamuha. Kadalasang nahahaluan ng mga banyagang salita ang kanilang pagpapahayag ng anumang dapat ipahayag sa kausap. Humihina na rin ang pagbibigay diin sa paggamit ng wastong gramatika.

**Bokabularyo**

Ang lawak ng bokabularyong taglay ng tao ay mahalaga sa pakikipagg-ugnayan upang mapadali ang pagpapaunawa at ang pag-unawa sa paksang pinag-uusapan. Madaling maunawaan ng kausap kung ang tinukoy ay maipapaliwanag gamit ang katumbas na salitang ginagamit sa pagpapaliwanag. Ayon kay Tizon (2009) ang bokabularyo ay mahalaga sa ginagamit na lengwahe at may kritikal na kahalagahan sa karaniwang mag-aaral ng wika. Binanggit ni Tizon, ayon kay Ming Wei (2012) ang pagkukulang kakayahan sa bolabularyo ay maaring magdulot ng paghihirap sa mga mag-aaral sa pagtanggap at pagbuo ng balarila, pagkaayos ng pangungusap at ang pagbigkas nito. Walang pagkaunawaang magaganap sa pag-uusap at ang pagbibigay ng mensahe ay hindi epektibo.

Binigyang diin naman ni McCathy ang binanggit ni Gu (2003) ang bokabularyo sa pagiging isang napakalaking bahagi ng kahit anong wika na kapag walang sapat na bokabularyo, ang tao ay magkakaroon balakid sa pag-unawa sa kahulugan ng mensaheng inihatid sa kanya.

Ayon kay Magtaya (2003) sa pagtuturo ng wikang Filipino, mula elementarya hanggang kolehiyo, ang pangunahing layunin ay dapat na linangin ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng tama at akmang salita pasulat man o pasalita. Ayon naman kay Lachica (1999) mahalaga ang ginagampanan ng gramatika sa pagpapahayag. Hindi sapat ang tamang pagpili ng mga salita sa pagpapahayag, bagkus kailangan ding nasusunod ang wastong kaayusan nito. Binanggit niya niya na napakahalagang magsama ang tamang pagpili ng salita sakop ng retorika at ang tamang kaayusan na sakop sa Gramattika. Samakatuwid kailangang masanay ang mga mag-aaral sa tamang pagpili at tamang pagsasaayos tungo sa masining na pagpapahayag.

Mula sa ginawang pananaliksik ni Propesor Yu (2008) ay napag-alamang may mahalagang kaugnayan ang banyagang wika ay nakaapekto sa kinagisnang wika sa pagkatuto sa kapaligiran, motibasyon sa pagtuturo at pagkatuto sa loob ng silid-aralan. Kapag lumabas ang mga mag-aaral ng silid-aralan, sila ay malantad sa wikang gamit ng mga nakapaligid sa kanila.

Sa ginawang pag-aaral ni Galang (2007) sa bahaging linggwistika, na saklaw ang ponolohiya, napatunayan na ang mga mag-aaral ay may kahinaan sa diptonggo, ang karaniwang kamalian ay kapag magkasunod ang isang patinig at Y at Al- sa isang patinig, ito ay diptonggo na nang hindi muna sinusuri ang pagpapantig.

**Gramatika**

Sa morpolohiya, ang karaniwang kamalian ng mga mag-aaral ay ang paggamit ng pang-ankop na NG at NANG. Pinahihiwatig nito ang kakulangan ng kaalaman sa wastong gamit mg maturing pang-angkop. Sa Sintaksis lumilitaw na 290ind i para sa mga mag-aaral ang bumuo ng isang pangungusap na kasingkahulugan ng naibigay na pangungusap.Nakikilala ang magkakaugnay na pangungusap at higit sa lahat nauunawaan ang talatang nabasa. Bagama't may ilang mga katanungan 290ind i-unawa 290ind isa290 na di wasto ang nagiging kasagutan sapagkat kinakailangan ang higit na mataas na legel ng pag-iisip upang masagot ang mga ito.

Sa Sintaksis lumilitaw na 290ind i para sa mga mag-aaral ang bumuo ng isang pangungusap na kasingkahulugan ng naibigay na pangungusap.Nakikilala ang magkakaugnay na pangungusap at higit sa lahat nauunawaan ang talatang nabasa. Bagama't may ilang mga katanungan 290ind i-unawa 290ind isa290 na di wasto ang nagiging kasagutan sapagkat kinakailangan ang higit na mataas na legel ng pag-iisip upang masagot ang mga ito.

Ayon kina Russel at Spada (2006) ang sariling pagtatama sy 290ind isa290 istratehiya upang 290ind is ang gramatika at istruktura. Ang guro ay nagbibigay ng iba't-ibang pamamaraan dahil sa sinabi nga ng mga mag-aaral na paghusaying ayusin ang mga kamalian sa kanilang sariling pamamaraan dahil sa sinabi 290ind i ang pagtatama ay para sa pagtuturo at 290ind isa ebalwasyon. Ang pagtatama ay lubhang kailangan sa pagtulong sa mag-aaral na maging magaling sa paggamit ng wikang banyaga. Binibigyan diin na mayroong namumuong ebidensya na ang pagtatama ay pangkalahatang kapakinabangan at tulong sa pangalawang wikang natutuhan.

**Teoretikal na Balangkas (Theoretical Framework)**

Ang demograpikong taglay ng mga mag-aaral tulad ng Edad, Kasarian at Pangkat Etniko ay natutukoy sa Teoryang Sosyal na Pangkarunungan (*Sosyal Learning Theory*) na may malaking kinalaman sa pagtamo ng kahusayang pangkomunikatibo. Ang teoryang ito ay kaugnay sa Kaugaliang Pangkognitibo. Ayon dito, ang kaugaliang ito ay nagtataglay ng tatlong sulok tulad ng Pag-iisip, Pandamdamin, at Kaugalian ng mga nilalang. Ang tatlong sulok na ito ay magkakaugnay at nakasalalay sa bawat isa. Na kung wala ang isa magiging walang saysay ang natitira.

Sa pakikipag-ugnayan ng tao kailangan ang tamang pag-iisip, angkop na damdamin at may ugaling pantao o ugali ng isang nilalang. Hindi magiging mabisa ang pakikipag-ugnayan kung wala sa tamang pag-iisip, akmang emosyon sa paksang sinasabi at sinasabayan ng tamang pag-uugali ng tao.

## III. METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay naglalayong alamin ang mga kadahilanan kung bakit ang mga kabataan ngayon ay nahihirapan sa pag-unawa ng mga sinasabi ng mga nakatatanda lalo na sa wikang Filipino. Ang mga bata naman ay kulang sa kakayahan sa pakikipag-usap dahil sa kakulangan ng abilidad sa paggamit ng mga akmang salita sa paksang tinatalakay na walang nilalabag na batas.

Ang desenyong ginamit ng mananaliksik Deskriptibo at Kwantitatibong disenyo sa pagtasa ng mga datos na nakakalap upang matugunan ang mga katanungang nailahad.Ang mga Senyor Hayskul na nasa ikalabing-isang antas ng Immaculte Arcdiocesan School Tetuan sa unang semester ng taong-aralan 2024-2025 ang naging kalahok sa pag-aaral na ito ay ang baitang labing- isa bawat strand ay kukuha ng sampu (10) at gagamitin ang boluntary quota sampling method.Ang kagamitan ng pananaliksik ginagamit ng mananaliksik ang binuong Personal na mga Katanungan o (*Self-Survey Questionnaires*). Dito matutukoy ang antas ng kakayahang pangkomunikatibo tulad ng bokabularyo, at gramatika batay sa kanilang kasarian, edad, pangkat etniko at paaralang pinanggalingan.

**PRESENTASYON NG RESULTA, ANALISIS at INTERPRETASYON NG DATOS**

Ang kabanatang ito ay naglalahad ng resulta, analisis, at interpretasyon ng mga datos na nakabatay sa suliranin ng pag-aaral.

**Suliranin 1. Anu-ano ang demograpikong propayl na taglay ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang antas ng Senyor Hayskul ng ICAS**

**Talahanayan 1**

**1.1.Demograpikong Propayl ng mga senyor Hayskul antas Ikalabing –isa ayon sa kasarian**

| Kasarian | f | % |
|---|---|---|
| Lalaki | 20 | 40.0 |
| Babae | 30 | 60.0 |
| Kabuuan | 50 | 100.0 |

Ipinapakita ng talahanayan sa itaas na may 20 o 40.% na mga lalaking mag-aaral samantalang ang mga babaeng mag-aaral ay 29 o 59.2%. Nangangahulugang marami ang kababaehan kay sa kalalakihan.

**1.2.Demograpikong Propayl ng mga senyor Hayskul antas Ikalabing –isa ayon sa  edad**

| Edad | f | % |
|---|---|---|
| 16 Pababa | 10 | 20.0 |
| 17-18 | 40 | 80.0 |
| 19 Pataas | 0 | 100.0 |
| Kabuuan | 50 | 100.0 |

Sa edad, nakararami ang mga nasa 17 hanggang 18 taong gulang dahil may 39 o 79% na naitala samantalang ang edad 16 pababa ay 10 o 20% lamang.

**1.3.Demograpikong Propayl ng mga senyor Hayskul antas Ikalabing –isa ayon sa  Pangkat Etniko**

| Pangkat Etniko | f | % |
|---|---|---|
| Chavacano | 32 | 64 |
| Bisaya | 14 | 28 |
| Muslim(Tausug) | 4 | 8.00 |
| Kabuuan | 50 | 100.0 |

Ang pangkat etniko Chavacano ang  nakararami dahil may 32 o 66% na naitala na sinundan ng etnikong Bisaya na may 14 o 28%  samantalang ang pangkat Muslim ay may 3 o 6% lamang na nakatala.

**1.4.Demograpikong Propayl ng mga senyor Hayskul antas Ikalabing –isa ,ICAS Tetuan ayon sa Paaralan Pinanggalingan**

| Paaralan Pinanggalingan | f | % |
|---|---|---|
| Pampubliko | 36 | 72.00 |
| Pribado | 14 | 28.00 |
| Kabuuan | 50 | 100.0 |

Ang paaralang pinanggalingan ng mga mag-aaral ay karamihan galing sa Pampubliko dahil ito ay may 32 o 72% na bahagda kumpara sa Pribado na 13 0 28% lamang.

Samakatuwid, sa antas  labing- isa ng Senyor Hayskul ng ICAS Tetuan sa Demograpikong taglay nila ay nakararami ang kasariang pangkababaehan na nasa Edad  mula 17 hanggang 18 taong gulang  na kabilang sa Etnikong Chavacano at karamihan ay nanggaling sa Pampublikong paarala*n.

**Suliranin 2. Ano ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ng ikalabing –isang antas sa kahusayan sa bokabolaryo at gramatika.**

**Talahanayan 2**

**2.1. kasanayan ng mga mag-aaral sa pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ng ikalabing –isang antas sa kahusayan sa bokabolaryo**

| Posible higher score | Mean | SD | Description |
|---|---|---|---|
| 10 | 8.34 | 1.04 | Excellent |

***Description:*** *9-10=Excellent;7-8=Very Satisfactory; 5-6= Satisfactory; 3-4=Poor ; 2-0 Need Improvement*

Ang talahanayan 2.1 ay nagpapakita ng resulta kaugnay sa kahusayan sa bokabolaryo na binigyan  ng mananaliksik ng 10 aytem na tanong  sa bokabolaryo . Ang *mean* sa bokabolaryo 8.34 at ang *standard deviation* ay 1.04 mapapnsin sa datos na mataas ang mean ng mga mag-aaral na nagpapakita na may kakayahan  ang mga mag-aaaral sa baitang labing –isa sa .

Ayon kay Santos (2016) ang bokabolaryo ay mga patalinghagang pahayag ay sinasadyang paglayo sa paggamit ng mga pangkaraniwang salita upang maging kaakit-akit at mabisa ang pagpapahayag.

**2.2. kasanayan ng mga mag-aaral sa pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ng ikalabing –isang antas sa kahusayan sa bokabolaryo**

| Posible higher Score | Frequency | Percentage | Description |
|---|---|---|---|
| 6.00 | 4 | 8 | Satisfactory |
| 7.00<br>8.00 | 6<br>12 | 12<br>14 | Very Satisfactory |
| 9.00<br>10.00 | 25<br>3 | 50<br>6 | Excellent |

***Description:** 9-10=Excellent;7-8=Very Satisfactory; 5-6= Satisfactory; 3-4=Poor; 2-0= Need improvement*

Ang talahanayang 2.2. ay nagpapakita ng resulta kaugnay sa kasanayang ng mga mag-aaral sa bokabolaryo .Natunghayan sa talahanayan 2.2 na ang mga mag-aaral sa baitang labing-isa ay mataas ang kanilang mga puntos sa kasanayang bokabolaryo.Ipinapakita din sa puntos "9 at 10 " halos lahat ng mga mag-aaral ay may kakayahan sa bokabolaryo na nakakuha ng *frequency* na 25 at 3 na may percentage 50% at 6 % kung saan ang decription ay *Excellen*t o magaling sa bokabolaryo.May mga iilan din nakakuha ng " 6,7,8" na puntos sa kakayahan sa bokabolaryo na nakahuha na frequency "4,6,12 na may percentage 8%,12% at 24% na ang ibig sabihin ay Very satisfactory at satisfactory.Binigyan-diin ni McCarthy(binanggit ni Gu ,2003) ang bokabolaryo sa pagiging isang napakalaking bahagi na kahit anong wika na kapag walang sapat na bokabolaryo,ang tao ay magkakarong ng problema sa pag-iintindi ng kahulugan na inihahatid sa kanya.

**Talahanayan 3**

**3.1kasanayan ng mga mag-aaral sa pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ng ikalabing –isang antas sa kahusayan sa gramatika**

| Highest Posible Score | Mean | SD | Description |
|---|---|---|---|
| 5 | 3.04 | **1.089** | Excellent |

***Description:**5 =Excellent;4=Very Satisfactory; 3= Satisfactory; 2=Poor; 0-1=Need Improvement*

Ang talahanayan 3.1 ay nagpapakita ng resulta sa kahusayan sa bokabolaryo batay sa binigyan ng 5 aytem na tanong sa bokabolaryo . Ang *mean* na 3.04 at ang *standard deviation* ay 1.08 mapapnsin sa datos na may kinalaman sa kakayahan pangkumikatibo ang mga mag-aaral sa baitang labing-isa .

**Talahanayan 3**

**3.2kasanayan ng mga mag-aaral sa pangkomunikatibo ng mga mag-aaral ng ikalabing –isang antas sa kahusayan sa gramatika**

| Highest Posible Score | Frequency | Percentage | Description |
|---|---|---|---|
| 1.00 | 5 | 10.0 | Need Improvement |
| 2.00 | 10 | 20.0 | Poor |
| 3.00 | 16 | 32.0 | Satisfactory |
| 4.00 | 16 | 32.0 | Very Satisfactory |
| 5.00 | 3 | 6.0 | Excellent |

***Description:**5 =Excellent;4=Very Satisfactory; 3= Satisfactory; 2=Poor; 0-1=Need Improvement*

Ang talahanayang 3.2. ay nagpapakita ng resulta kaugnay sa kasanayang ng mga mag-aaral sa bokabolaryo .Nagpapakita sa talahanayan 3.2 na ang mga mag-aaral sa baitang labing-isa ay may kakayahan sa kasanayang gramatika.Ipinapakita sa mga puntos "3 at 4" ay nakakuha na magkaparehong *frequency* na 16 na may *percentage* na 32% kung saan ito ay may mataas na *frequency* mula sa puntos ng kinuha nila sa pagsusulit . May mga iilan din nakakuha ng " "1 at 2" " na puntos sa kakayahan sa gramatika na nakahuha na frequency "5,10"

na may percentage 10 at 20%,12% at 24% na ang ibig sabihin ay need improvement at poor. Ayon kay madsen (1983) Sa paglinang ng kakayang panggramatika ng mga mag-aaral ,dapat gumawa ang guro ng pagtataya upang matiyak sa mga mag-aaral ang mga kiasanayang malinang sa kanila.

Nakikita rin sa talahanayan 3.2 na may nakakuha na pinaka mataas na puntos “5” ay nakakuha na frequency na 3 na may percentage na 6% na ang ibig sabihin may mga mag-aaral ay may kakayahan sa gramatika.Ayon kay Macasmag (2011) kung natututo ang isang bata sa gramatika nagiging maalam ito sa napapagyaman ang kanyang pahayag.Yumayabong ito kapag madalas itong kinakausap.

## Konklusyon

Matapos isagawa ang komprehensibong pagwawasto ng mga datos at ng sarbey na katanungan gamit ang SPSS bilang tool, ang mga baryabol bilang kasanayan sa bokabolaryo na mayroon mean percentage score 8.34% at ang kasanayang pang gramatika na mayroon mean percentage score 3.04% . Ipinapahiwatig sa resultang ito na may kakayahan ang mga mag-aaral sa kasanayang bokabolaryo at gramatika. Naipapakita din na mahalaga ang demograpikong propayl dahil ito ay kinalaman sa pakikipag-usap sa kapwa upang magkaunawaan ang bawat isa. Habang tumatanda at pagkakaroon ng iba’t ibang nakakasalamuha nadadagdagan ang ating kaalaman sa pakikipag-ugnayan. Na binigyan diin na may malaking kinalaman sa pagtamo ng kahusayang pangkomunikatibo ayon sa *Teoryang Sosyal na Pangkarunungan*.

## Rekomendasyon

Batay sa resulta at interpretasyon ng datos, iminumungkahi ng mga mananaliksik ang sumusunod:

1.Ang mga guro sa Filipino ay dapat bigyan pansin ang mga bata na mahina sa bokabolaryo at gramatika .

2. Sumunod inirerekomenda ng mananaliksik na ito ang karagdagang pag-aaral sa kaugnayan ng demograpikong propayl ng mga kabataan sa ibang paaralan at ibang lebel o antas ng edukasyon upang mapatunayan ang naging resulta sa ICAS Tetuan.

## SANGGUNIAN


[1] Lee,J.(20015).Connquer,SingaporeAsia Publisher Ptc.Ltd.Mabanglo,R.(2006).Retrieved:January 15,2017.http:www.rappler.com/nation/101762-guro-maging-malikhain-pagtuturo-filipino. Hutchinson and Waters (2010) Evaluating and Designing Materials for the ESp Classroom .https://:www.research gate .net/publication/262178129_Evaluating _andDesigning_Materials_for_the_Esp_Classroom.

[2] Lee,J.(20015).Connquer,SingaporeAsia Publisher Ptc.Ltd.Mabanglo,R.(2006).Retrieved:January 15,2017.http:www.rappler.com/nation/101762-guro-maging-malikhain-pagtuturo-filipino.

[3] Macasmag,(2011)PagpapakahuluganPandiwa.http://angpandiwa.html.jdshgccc.89cbdshcv.online// Manaol,Jirah(2014)Anggramatika.htps://www.edu.aims.asdh.meaning//98jf.wiki.kumo.oficial.Medul,A.( 2018).kakayahan sa pagsulat ng sanaysayng mga Mag-aaral sa Ika-sampung Baitang ng mga Mataas na paaralan sa Distrito ng Sta.Cruz,Zambales

[4] Milambing,J.(2011).Bringing one language to another :Multilingualism as sourse in the language classroom.Nadayao,Lilibeth E.(2007) Estratehiyang Pangkumunikasyon sa Pagtuturp ng Filipino ng mga Guro sa Antas Tersyarya ng Palawan State University ,Tinigiban Heights,Puerto Princesa City.Palawan .http://dogolib.bsu.edu.ph?greenstone/egi?

[5] National Educational Testing and Research Center (NETC).C2009)Retrieved ; Jan.17,2017http://fil.wikipilipinas.org/index.php?title=Estatistika_sa_Filipino&oldid=25622

[6] Norbert C.Lartee at Gemma M.Prey.(2011).Kakayahang panggramatika sa Filipino g mga_Mag-aaral_sa_University of Cordillera

[7] Stephen J.Andrews (2008) Teacher Language Awareness Retrived : January28,2017,http://link.springer.com/referenceworkentry/10.1007%2F978-0387-30424-3_156Tanawan,D.S.,Nacin,A.A, at Lartee J.k.(2008).Istruktura ng Wikang Filipino .Trinitas Publishing House .

[8] Villaruel,R.R. (2012).Retorika Mabisang Pagpapahayag sa Filipino .Books Atbp.Publishing Corp.Wang,Feng Juan.2010)The Nesessity of Grammar Teaching Commerce College of South-Central University for NationalitiesHonngshan Destrict ,Wuhan,Hubei Province430065,china;June2010ttp://files,cric.ed.gov/fulltext/FJ081617.pdf.

[9] Sensie (2011)Research and Development of Measurement Scales and Assessment Tools of Foreign Children (native Speakers of Filipino Attending Schools in Japan)Retrieved:January 20,2017,http://www.journalijar.com/uploads/755_IJAR-8565.pdf

[10] Shyryll S. Baluca at Simonte G.Balbao(2006). Epekto ng Revisyon sa Ispelling sa Filipino .Di-limbag na Undergradweyt Tesis .Pamantasan ng Bikol kolehiyo ng Edukasyon ,Daraga,Albay,p.10.